Alerto sa Mamimili: Mag-ingat sa mga Panloloko sa Imigrasyon Kaugnay ng DACA

Kamakailan, pinagtibay ng Korte Suprema ng U.S. na kumilos nang labag sa batas ang Administrasyong Trump nang tangkain nitong tapusin ang patakarang Ipinagpalibang Pagkilos para sa mga Pagdating noong Bata Pa (Deferred Action for Childhood Arrivals o DACA). Bilang resulta, nananatiling may bisa ang patakaran sa ngayon.

Kasunod ng pasya ng korte, naglabas ng alerto sa mamimili si California Attorney General Xavier Becerra na nagbabababala sa mga kasalukuyang tumatanggap ng DACA at mga posibleng aplikante ng DACA na maging maingat sa mga panloloko sa imigrasyon, at sa mga notaryo o consultant sa imigrasyon na nag-aalok ng ligal na tulong sa mga usaping kaugnay ng imigrasyon.

Hinihikayat ang mga taong interesadong mag-apply para sa DACA status na humingi ng mapagkakatiwalaang ligal na tulong para sa karagdagang impormasyon at pag-aralan ang kanilang mga ligal na mapagpipilian.

Hinihikayat ang mga tumatanggap ng DACA at ang kanilang mga pamilya na alamin ang kanilang mga karapatan, pag-aralan pa ang tungkol sa lehitimong resources tungkol sa imigrasyon at humingi ng mapagkakatiwalaang ligal na tulong, kung kinakailangan. Iniaalok ni Attorney General Becerra sa mga tumatanggap ng DACA ang mga sumusunod na payo upang makatulong na maprotektahan ang kanilang mga sarili.

Mga Payo sa Mamimili

- **Huwag umupa ng consultant sa imigrasyon o notaryo.** Hindi mga abogado o eksperto sa batas ng imigrasyon ang mga consultant sa imigrasyon. Sa ilalim ng batas ng California, hindi makapagbibigay ng payo o patnubay ang mga consultant sa imigrasyon tungkol sa iyong usapin sa imigrasyon, kung anong mga form ang dapat sagutan, o makipag-usap sa pamahalaan para sa iyo. Ang mga serbisyong maaari lang nilang ibigay nang ligal (hal., pagtulong sa iyong makakuha ng mga kopya ng mga dokumento at pagsulat sa mga form ng mga sagot na ibinigay mo sa kanila) ay ang mga gawaing clerical na magagawa bilang bahagi ng pagkuha ng ligal na payo mula sa isang abogado o binigyang-karapatan na organisasyon. Hindi mga abogado ang mga notaryo at maaari lamang na makapagpatunay ng pagkakakilanlan ng isang taong pumipirma sa mga dokumento. Kung kailangan mo ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga consultant sa imigrasyon at kung ano ang ipinahihintulot na kanilang gawin, mangyaring bumisita sa website ng California Secretary of State sa sos.ca.gov/business-programs/immigration-consultants/.

- **Huwag umupa ng abogado sa imigrasyon hangga't hindi mo nakukumpirmang lisensyadong manungkulan bilang abogado ang taong iyon.** Maaaring mag-alok ang mga notaryo at consultant sa imigrasyon ng ligal na payo na labag sa batas o sabihin din nila sa iyo na sila ay mga abogado sa imigrasyon. Dapat lisensyado ng California o ng ibang estado ng US ang mga abogado sa imigrasyon bilang isang abogado. Upang malaman kung lisensyado ng California ang isang abogado tingnan sa State Bar sa pamamagitan ng pagpunta sa members.calbar.ca.gov/fal/membersearch/quicksearch. Kung may isang taong nagsasabing nabigyan siya ng lisensya ng isa pang estado ng US, makipag-

ugnayan sa korte suprema ng estadong iyon o sa ahensya ng estado na nagkakaloob ng lisensya sa mga abogado sa estadong iyon upang mapatunayan ang kanyang lisensya.

- **Huwag magbayad para sa mga form ng imigrasyon.** Maaaring ma-access nang libre ang mga naturang form sa pamamagitan ng pagbisita sa website ng U.S. Citizenship and Immigration Services (USCIS) sa uscis.gov/forms.

- **Kumuha ng impormasyon tungkol sa imigrasyon mula sa mga website na dot-gov (.gov) na kaanib ng gobyerno.** Maaaring mali at hindi dapat pagkatiwalaan ang impormasyon sa dot-com (.com), dot-net (.net) o iba pang mga website.

- **Huwag magbayad para sa mga serbisyong pang-imigrasyon hangga't hindi mo natatanggap, nababasa at naiintindihan ang kopyang papel ng iyong kontrata.** Kung hindi ka sanay sa Ingles, dapat kang humiling na maisalin sa iyong wika ang kontrata. Kung lisensyado ang abogado sa California at nakikipagkasundo ng mga serbisyo sa Spanish, Chinese, Tagalog, Vietnamese o Korean, obligadong magbigay ang abogado ng isinaling kopya ng kontrata sa kliyente bago pirmahan ng kliyente ang kontrata. Dapat ilahad sa kontrata ang mga serbisyong gagawin, pati na rin ang halaga na sisingilin sa iyo para sa bawat isa sa mga serbisyong iyon. May karapatan kang magtabi ng kopya ng kontrata. At, sa bawat oras na magbabayad ka sa abogado sa imigrasyon, may karapatan kang makatanggap ng resibo na nagsasabi ng mga saklaw ng iyong bayad at ang natitirang balanseng dapat bayaran.

- **Mag-ingat sa pagbibigay ng iyong mga orihinal na dokumento sa sinuman.** Hindi mo dapat ibigay ang iyong mga orihinal na dokumento. Magbigay lamang ng mga kopya dahil ang taong binibigyan mo ng mga ito ay maaaring iwala ang mga dokumento o ilegal na tanggihang ibalik ang mga ito sa iyo maliban kung babayaran mo sila ng pera.

- **Huwag pumirma sa isang form ng imigrasyon na may nakapaloob na maling impormasyon o mga blangko.** Bago mo pirmahan ang anumang form ng imigrasyon, siguraduhin na kumpleto at tumpak na nasagutan ang mga form.

- **Huwag magbigay ng pera o anumang personal na impormasyon sa mga taong tumatawag sa telepono,** na nagsasabing nagkaroon ng problema sa iyong usapin tungkol sa imigrasyon. Walang ahensya ng pederal o estado, kabilang ang USCIS, ang hihingi sa iyo kailanman ng iyong personal na impormasyon o bayad sa telepono, sa koreo, o text.

- **Magtabi ng kopya ng lahat ng dokumentong may kaugnayan sa iyong usapin tungkol sa imigrasyon,** kabilang ang naka-file na mga kopya ng mga dokumento ng imigrasyon at sulat mula sa pamahalaan tungkol sa status ng iyong imigrasyon.

Mga Kapaki-pakinabang na Resources

- **California Department of Social Services (CDSS**) – Mga non-profit na kuwalipikado para sa pondo upang magbigay ng mga libreng ligal na serbisyo para sa mga taong may mababang kita. Dapat kang makipag-ugnayan nang direkta sa organisasyon upang magtanong tungkol sa

magagamit na serbisyo. Makikita ang listahan ng mga non-profit sa cdss.ca.gov/benefits-services/more-services/immigration-services/immigration-services-contractors.

- **Ang State Bar of California** – Pinamamahalaan ng Legal Services Trust Fund Program ng State Bar of California ang mga pondong ipinagkakaloob sa mga non-profit na nagbibigay ng mga libreng ligal na serbisyong pambayan sa mga taga-California na may mababang kita. Para sa listahan ng mga organisasyon, bisitahin ang calbar.ca.gov/Access-to-Justice/Legal-Aid-Grants/2020-Grant-Recipients.

- **Law Help CA** – Nagbibigay lamang ng pangkalahatang impormasyon—hindi ito nagbibigay ng direktang ligal na payo. Para sa impormasyon tungkol sa mga organisasyon ng ligal na tulong at mga serbisyong referral, mangyaring bisitahin ang lawhelpca.org.

- **U.S. Department of Justice Office of Recognition and Accreditation** – Nagpapanatili ang U.S. DOJ ng isang listahan ng mga kinikilala at binigyang-karapatan na kinatawan at organisasyon ng estado at lungsod. Maaaring makita ang listahan ng mga binigyang-karapatan na kinatawan at organisasyong nakabase sa California sa justice.gov/eoir/page/file/942306/download#CALIFORNIA.

Para sa karagdagang kapaki-pakinabang na lokal na resources, mangyaring bisitahin ang oag.ca.gov/daca.

Mga Panloloko sa Imigrasyon

Kung biktima ka ng isang panloloko sa imigrasyon, maaari kang/mong:

- Makipag-ugnayan sa inyong lokal na District Attorney o county department of consumer affairs.

- Mag-file ng reklamo sa Federal Trade Commission sa ftccomplaintassistant.gov/GettingStarted?OrgCode=USCISCREO&NextQID=261#crnt.

- Alamin ang tungkol sa mga tool na makatutulong sa iyo na maiwasan ang mga panloloko sa imigrasyon sa uscis.gov/avoid-scams.

- Isumbong ito sa Attorney General sa oag.ca.gov/report. Kapag nagbigay ka ng impormasyon tungkol sa iyong karanasan sa mga panloloko sa imigrasyon, nagkakaroon ang Attorney General ng mas mahusay na kaalaman at nasa posisyon upang mag-imbestiga at mag-usig sa mga pandarayang kaugnay ng mga serbisyong pang-imigrasyon.

Ang Attorney General ay ang punong opisyal ng batas ng California at may responsibilidad na kumatawan sa "mga tao" ng ating Estado, hindi mga partikular na indibidwal o grupo; samakatuwid, hindi siya maaaring kumatawan o magbigay ng ligal na payo sa mga indibidwal o grupo.